# ALAMIN PA ANG MAS MARAMI TUNGKOL SA BAKUNA SA MONKEYPOX

**Tungkol sa Bakuna:**
Ang bakunang JYNNEOS™ ay ang tanging bakuna sa kasalukuyan na lisensyado ng Food and Drug Administration (FDA) para mapigilan ang monkeypox sa mga tao. Aprubado itong gamitin para sa mga taong 18 taong gulang pataas, at mga wala pang 18 taon na may mga espesyal na kalagayan. Naglalaman ang JYNNEOS ng buhay (live) na virus na hindi gumagawa ng replika sa mga tao – nangangahulugan ito na hindi ka nito mahahawahan o gagawing nakakahawa. Ibinibigay ito bilang dalawang iniksyon na 4 na linggo ang pagitan.

**Sa kasalukuyan ay limitado ang panustos (supply) ng JYNNEOS sa Estados Unidos, ngunit marami pa ang inaasahan na darating sa mga susunod na mga linggo at buwan.**

**Pagiging Kwalipikado sa Bakuna:**
Dahil sa limitadong panustos, kasalukuyang inaalok ng Pampublikong Kalusugan ang bakuna sa monkeypox para sa mga taong nasa piling mga grupo ng mataas na panganib. Kayang protektahan ng bakuna ang mga tao laban sa monkeypox.

**Ang bakuna ay hindi dapat ibigay sa mga indibidwal na mayroon ng monkeypox o may mga palatandaan at sintomas ng monkeypox.**

Ang mga taong may mga sintomas ay dapat na makipag-usap sa kanilang regular na tagapagbigay (provider) o tawagan ang 2-1-1 kung wala silang tagapagbigay. Dagdag pa dyan, ang mga taong walang regular na tagapagbigay na nagkaroon ng pantal sa bahagi ng ari o puwit, ay maaaring makapag-akses ng serbisyo sa Mga Klinika sa Sekswal na Kalusugan ng Pampublikong Kalusugan [Public Health's Sexual Health Clinics] (http:// publichealth.lacounty.gov chs SexualHealthClinicSchedule.pdf)

**IISKAN SA IBABA PARA SA MGA DETALYE NG PAGIGING KWALIPIKADO SA PINAKABAGONG BAKUNA**

**Mga Epekto (Side Effects) Pagkatapos ng Pagpapabakuna:**
Karamihan ng mga taong nakakakuha ng bakunang JYNNEOS ay mayroon lamang ng di malubhang reaksyon, tulad ng banayad na lagnat, pagkapagod, namamagang mga glandula (glands), at pamumula at pangangati sa bahagi kung saan itinurok ang bakuna. Gayunpaman, dapat na talakayin ang anumang mga pagkabahala sa kung dapat nilang tanggapin ang bakuna bago ibigay ng isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider).

**Tamang Panahon ng Bakuna:**
Inirerekomenda ng CDC na ibigay ang bakuna sa loob ng 4 na araw mula sa petsa ng pagkakalantad sa monkeypox upang mapigilan ang pagsisimula ng sakit. Kung ang bakuna ay ibinigay sa pagitan ng 4-14 na araw pagkatapos ng petsa ng pagkakalantad, maaaring mabawasan ng pagpapabakuna ang mga sintomas ng sakit, ngunit hindi mapipigilan ang sakit. Itinuturing na kumpleto ang proteksyon 2 linggo pagkatapos na maibigay ang pangalawang dosis ng bakuna. Dahil sa limitadong pangkasalukuyang panustos (supply) ng bakuna sa bansa, binibigyang prayoridad ng Pampublikong Kalusugan ang pangangasiwa ng maraming unang dosis ng bakuna sa monkeypox hangga't maaari sa lahat ng mga kwalipikadong tao sa oras na ito. Sa sandaling dumami ang panustos ng bakuna ng pederal, ang Pampublikong Kalusugan ay magbibigay na ng mga pangalawang dosis sa mga tumanggap na ng kanilang paunang dosis.

Para sa mas marami pang impormasyon sa bakuna sa monkeypox, sumangguni sa Vaccine Information Sheet (VIS): Bakuna sa Smallpox/Monkeypox (JYNNEOS): Ano ang Kailangan mong Malaman (Smallpox/Monkeypox Vaccine (JYNNEOS): What you Need to Know) (https://www.cdc.gov/vaccines/hcp/vis/vis-statements/smallpox-monkeypox.pdf).

**Habang ang impormasyon ay mabilis na nagbabago, mangyaring bisitahin ang website na Monkeypox ng Pampublikong Kalusugan para sa pinaka-napapanahong impormasyon tungkol sa pagiging kwalipikado at akses sa bakuna.**